Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY V NOONG IKA- 20 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | Pang. Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 384-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 104-T'2000/KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 5-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION V NA NAGLALAAN NG HALAGANG LIMANG LIBO ANIMNARAANG PISO (P5,600.00) MULA SA NATIRANG GUGULIN SA GASTOS SA LAKAD OPISYAL NG NABANGGIT NA BARANGAY UPANG ILAAN PARA SA PANGGASTOS SA GENERAL ASSEMBLY AT PANDAGDAG SA GASTUSIN SA PAGHO-HOST NG SESSION NG SANGGUNIANG BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 104-T'2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 5-T'2000 ng Sangguniang Barangay Poblacion V na naglalayong makapagliwat ng laang gugulin ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T,* ang naturang kapasiyahan ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Poca, Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 104-T'2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 5-T'2000 ng Sangguniang Barangay Poblacion V na naglalaan ng halagang P5,600.00 mula sa natirang gugulin sa Gastos sa Lakad Opisyal upang ilaan para sa panggastos sa General Assembly at pandagdag sa gastusin sa pagho-host ng session ng Sangguniang Barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Barangay Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan